

# Mag-enroll Ngayon sa Pamamagitan ng Pagkompleto sa Online na Form ng Aplikasyon

## Buod ng Programa ng Emergency na Pagtulong sa Negosyo/Non-Profit na Kostumer

Ang malasakit sa mga komunidad na pinaglilingkuran namin ay pangmatagalang pangako ng San Francisco Public Utilities Commission (SFPUC). Lalo na ngayon nagsisikap ang mga komunidad namin at naiintindihan namin maraming kostumer ang mahihirapang magbayad ng kabilang bills. Kung ang inyong maliit na negosyo o non-profit ay nakakaranas ng kahirapan sa pinansiya dahil sa pandemya ng COVID-19, maaaring kuwalipikado kayo sa 20% bawas sa inyong water at sewer bill.

Magagamit ang programang ito sa limitadong tagal. Tatanggap ng mga aplikasyon hanggang Hunyo 30, 2021 o hanggang sa maubos ang pondo, alinman ang mauna (“Deadline ng Aplikasyon”). Dahil limitado ang pondo ng programa, puwedeng itigil o tapusin itong programa anumang oras.

Kapag naaprobahan, makakatanggap kayo ng 20% diskuwento sa inyong singil na SFPUC water at sewer bill sa loob ng anim na buwan.

Unahing paglingkuran ang aming mga komunidad. Tulad ng dati, magagamit ng mga kostumer ang umaangkop na plano ng pagbabayad sa pagtawag sa (415) 551-3000. Itinigil muna ng SFPUC ang pagputol ng tubig at koryente dahil sa nahuling pagbabayad, ipinagpaliban ang mga lien (pagkakaroon ng karapatan sa pag-aari) at koleksiyon, tinanggal ang pagsingil sa multa para sa nahuling pagbabayad, at nagkaloob ng pagpapaliban ng renta sa mga nangungupahan sa aming mga pasilidad.

### Mga Madalas Itanong:

#### Sino ang kuwalipikado dito sa programa ng diskuwentong pang-emergency?

Para maging kuwalipikado sa programang ito, dapat na kayo ay:

- **May account sa San Francisco Public Utilities (SFPUC) na tubig at tapong-tubig (wastewater) para sa inyong maliit na negosyo o non-profit.** Dapat na mayroon kayong aktibo, pamantayang account ng tubig at tapong-tubig na hindi para sa residensiya o munisipal na paggamit. Hindi magagamit ng mga pribadong account para sa sunog ang mga diskuwento;
- **May account sa ngalan ng inyong negosyo o non-profit o sa ngalan ng may-ari o tagapamahala nito.** Hindi maaaring mag-apply ang mga nagpapaupa at tagapamahala ng ari-arian sa ngalan ng kanilang mga nangungupahan, pero puwedeng mag-apply ang isang kompanyang tagapamahala ng ari-arian para sa diskuwento para sa sarili nilang mga opisina na ginagamit lamang ng kanilang mga direktang empleyado;
- **May dinanas kayong pagkawala ng kita dahil sa COVID-19 o sa kautusang manatili sa bahay,** at dumadanas kayo ng problemang pinansiyal at nahihirapan kayo sa pagbabayad sa inyong mga water at sewer bills. Maaaring sanhi ang pagkalugi ng mga pagbabawal sa inyong kakayahan na magsagawa ng mga operasyon (gaya ng kautusang manatili sa bahay), nabawasang dami ng kostumer o negosyo sa panahon ng pananatili sa bahay (kahit na pinayagan kayong manatiling nakabukas), pagkakasakit ninyo o ng inyong mga empleyado na dahilan para kailanganin ninyong maisara ang inyong negosyo o non-profit;
- **May dati pang aabot sa katumbas ng 50 full-time na empleyado bago pasimulan ang kautusang manatili sa bahay (Marso 16, 2020)** sa kabuuan ng negosyo o nonprofit, pati mga lugar sa labas ng San Francisco.

### **Ano ang pamantayan, di-residensiyal, di-munisipal na account ng kostumer?**

Kung nagbabayad kayo ng isang water/wastewater bill para sa isang espasyong pang-komersyal, malamang na kuwalipikado ang account ninyo. Ang ilang kostumer ay puwedeng may karagdagang hiwalay na account ng tubig para sa sistema ng irigasyon o pribadong pamatay ng apoy (fire sprinklers). Hindi kuwalipikado ang mga espesyal na account na ito, maliban na lang kung ang account para sa irigasyon ang natatangi o pangunahing account sa tubig ng kostumer (ang “pangunahing” account ay kumakatawan sa >80% ng kabuuang dami ng tubig ng kostumer kada taon).

### **Paano ako makakapagpalista?**

Pumunta sa [sfwater.org/commercialCOVID](https://sfwater.org/commercialCOVID) para punuan ang isang digital application. Mayroon ding mga paper application sa iba't ibang wika at puwedeng maipadala sa mail. Pumunta sa [sfwater.org/commercialCOVID](https://sfwater.org/commercialCOVID) o tumawag sa 415-551-3000 para humingi ng tulong.

### **Gaano kalaki ang matitipid ko?**

Makatitipid ang mga kuwalipikadong kostumer ng 20% bawas sa water at sewer bills.

### **Ligtas ba ang impormasyon ko?**

Oo, mahalaga sa amin ang pagiging pribado ng inyong impormasyon. Pananatilihin ng SFPUC na kumpidensiyal ang inyong impormasyon at gagamitin lamang ito para matukoy ang pagiging kuwalipikado ninyo sa programa.

### **Gaano katagal bago magkabisang mga diskuwento ko?**

Ipoproseso ang mga aplikasyon pagkatanggap sa mga ito. Kapag nag-apply kayo, makakatanggap kayo ng email o sulat na nagkukumpirma na natanggap namin ang aplikasyon ninyo. Tatagal nang mga dalawang linggo bago kami makipag-ugnayan sa inyo tungkol sa pagiging kuwalipikado ninyo sa mga diskuwento.

### **May iba pa bang programa sa pagtitipid o ayuda na iniaalok ang SFPUC?**


Mayroon, puwede rin kayong mag-apply sa aming mga programa ng diskuwento sa bill para sa mga nangangailangang kostumer na residensiyal. Paki-klik dito para sa buod ng mga magagamit na programa: [sfwater.org/billrelief](https://sfwater.org/billrelief). Mayroon din kaming iba't ibang programa ng rebate ad insentibo na mababasa ninyo dito: <https://sfwater.org/index.aspx?page=129>

### **Ano ang mangyayari sa pagtatapos ng programa?**

Matatapos ang lahat ng diskuwento at tungkulin na ninyong bayaran ang normal na bill.

### **Hindi pa bukas ang negosyo ko kaya hindi ko kailangan ng diskuwento ngayon, pero baka kailanganin ko ito sa darating na araw! Ano ang dapat kong gawin?**

Tatanggap ng mga aplikasyon hanggang Hunyo 30, 2021 o hanggang sa maubos ang pondo, alinman ang mauna.



## Aplikasyon para sa Pangkabuhayang Tulong sa Kustomer kaugnay ng COVID-19

Ang Programang Komersiyal na Tulong sa Kostumer kaugnay ng COVID-19 (Commercial Customer Assistance Program for COVID-19 Relief) ay nagbibigay ng mga diskuwento sa utility bill para sa mga maliit na negosyo at mga nonprofit na may mas kaunti sa 50 empleyado bago ang pagsisimula ng kautusang manatili sa bahay (Marso 16, 2020) na nawalan ng kita dahil sa COVID-19 o dahil sa mga kautusang manatili sa bahay. Makakatanggap ang kuwalipikadong kostumer ng 20% na matitipid na pera sa kanilang water at wastewater bill. Tatanggap ng mga aplikasyon hanggang Hunyo 30, 2021 o hanggang sa maubos ang pondo, alinman ang mauna ("Deadline ng Aplikasyon"). Dahil limitado ang pondo ng programa, puwedeng itigil o tapusin itong programa anumang oras.

Para maging kuwalipikado sa programang ito, dapat na kayo ay:

- May account para sa tubig at wastewater ng San Francisco Public Utilities Commission (SFPUC) para sa maliit ninyong negosyo o nonprofit. Dapat na mayroon kayong aktibo, pamantayang account ng tubig at tapong-tubig na hindi para sa residensiya o munisipal na paggamit. Hindi magagamit ng mga sistema ng irigasyon o mga pribadong pamatay ng apoy (fire sprinklers) ang mga diskuwento maliban na lang kung ang account para sa irigasyon ang natatangi o pangunahing account sa tubig ng kostumer (ang "pangunahing" account ay kumakatawan sa >80% ng kabuuang dami ng tubig ng kostumer kada taon);
- May account sa ngalan ng inyong negosyo o non-profit o sa ngalan ng may-ari o tagapamahala nito. Hindi maaaring mag-apply ang mga nagpapaupa at tagapamahala ng ari-arian sa ngalan ng kanilang mga nangungupahan, pero puwedeng mag-apply ang isang kompanyang tagapamahala ng ari-arian para sa diskuwento para sa sarili nilang mga opisina na ginagamit lamang ng kanilang mga direktang empleyado.;
- May dinanas na pagkawala ng kita dahil sa COVID-19 o sa kautusang manatili sa bahay at dumadanas kayo ng problemang pinansiyal at nahihirapan kayo sa pagbabayad sa inyong mga water at sewer bills. Maaaring sanhi ang pagkalugi ng mga pagbabawal sa inyong kakayahan na magsagawa ng mga operasyon (gaya ng kautusang manatili sa bahay), nabawasang dami ng kostumer o negosyo sa panahon ng pananatili sa bahay (kahit na pinayagan kayong manatiling nakabukas), pagkakaroon ninyo ng karamdaman o ng inyong mga empleyado na dahilan para kailanganin ninyong maisara ang inyong negosyo o non-profit;
- May dati pang aabot sa katumbas ng 50 full-time na empleyado bago pasimulan ang kautusang manatili sa bahay (Marso 16, 2020) sa kabuuan ng negosyo o nonprofit, pati mga lugar sa labas ng San Francisco.

### Pakipunan ang mga patlang sa ibaba para mag-apply.

\* = Kailangan

<p><b>*Pangalan ng Kostumer:</b> Tulad ng makikita sa pinakahuling bill sa inyo</p>	<p><b>*SFPUC Account Number:</b> Numerong may 10 digit, tulad ng makikita sa pinakahuling bill sa inyo</p>
<p><b>*Service Address (hindi ang mailing address):</b> Tulad ng makikita sa pinakahuling bill sa inyo</p>	
<p><b>*Lungsod:</b> Tulad ng makikita sa pinakahuling bill sa inyo</p>	<p><b>*Zip Code:</b> Tulad ng makikita sa pinakahuling bill sa inyo</p>
<p><b>Email:</b> Pakibigay ang inyong email, kung mayroon, para sa mas mabilis na komunikasyon tungkol sa kung aprobado kayo sa programa</p>	<p><b>*Numero ng Telepono:</b></p>
<p><b>*Paano naapektuhan ng COVID-19 o kautusang manatili sa bahay ang kita ninyo? (piliin ang lahat ng naaangkop):</b></p> <p><input type="checkbox"/> Pagsasara ng negosyo/opisina o kawalan ng kakayahang magtrabaho dahil sa mga paghihigpit na dulot ng kautusang manatili sa bahay</p> <p><input type="checkbox"/> Mas kaunting kostumer, o donasyon sa panahon ng pananatili sa bahay</p> <p><input type="checkbox"/> Kawalan ng kakayahang magtrabaho dahil sa pagkakasakit o pinaghihinalaang pagkakasakit ng may-ari o employer</p>	
<p><b>*Nakaraang BUWANANG kita (isulat ang mga numero na walang mga kuwit):</b> Ilagay ang inyong karaniwang buwanang kabuuang benta bago ang epekto ng COVID-19 at kautusang manatili sa bahay. Isali ang lahat ng pinagkukunan ng kita, kasama ang mga napagbentahan, serbisyo, naisarang usapan sa ari-arian, interes, upa, royalty, dibidendo, bayad, at komisyon. Puwedeng mataya ang halagang ito gamit ang inyong 2019 SF Gross Receipts filing sa SF Tax Collector o sa Jan-Feb 2020 records.</p>	

**\*Kasalukuyang BUWANANG kita (ilagay ang mga numero nang walang mga kuwit):** Ilagay ang inyong karaniwang buwanang kabuuang benta bago ang epekto ng COVID-19 at kautusang manatili sa bahay (pagkaraan ng Marso 2020). Isali ang lahat ng pinagkukunan ng kita, kasama ang mga napagbentahan, serbisyo, naisarang usapan sa ari-arian, interes, upa. royalty, dibidendo, bayad, at komisyon.

**\*Bilang ng mga empleyado (ilagay ang mga numero lamang):** Isama ang mga empleyado sa LAHAT ng lugar o opisina, kasama ang mga nasa labas ng San Francisco.

Paano ninyo nalaman ang tungkol sa aming programa (piliin ang lahat ng naaangkop):

- |   |   |
|---|---|
| <input type="checkbox"/> Patalastas sa diyaryo o radyo                              | <input type="checkbox"/> Opisina ng Pagpapaunlad ng Ekonomiya at Lakas-Paggawa (Office of Economic and Workforce Development) |
| <input type="checkbox"/> Social Media   | <input type="checkbox"/> Website ng SFPUC   |
| <input type="checkbox"/> Materyales na ipinadala kasama ng bill ko                  | <input type="checkbox"/> Iba Pang Press o Media   |
| <input type="checkbox"/> Newsletter ng Superbisor ng Distrito (District Supervisor) | <input type="checkbox"/> Materyales na idiniliber sa aking tahanan o opisina  |
| <input type="checkbox"/> Organisasyon sa Komunidad o Non-profit                     |   |

Paano ninyo ilalarawan ang sarili (piliin ang lahat ng naaangkop):

- |  |  |
|--|--|
| <input type="checkbox"/> Asian   | <input type="checkbox"/> Native Hawaiian o Iba pang Pacific Islander |
| <input type="checkbox"/> Black or African American                     | <input type="checkbox"/> White                                       |
| <input type="checkbox"/> Filipino                                      | <input type="checkbox"/> Middle Eastern o North African              |
| <input type="checkbox"/> Indigenous, Native American o American Indian | <input type="checkbox"/> Multi-racial                                |
| <input type="checkbox"/> Latino, Latinx o Hispanic                     | <input type="checkbox"/> Iba pa                                      |

May mga karagdagan pa bang impormasyong gusto ninyong ibigay?

Sa pamamagitan ng paglagda ko rito, idinedeklara ko sa ilalim ng kaparusahang perjury (sadyang pagsisinungaling) na:

- Ako ang may-ari ng account o kostumer ng utility na nakapangalan sa aplikasyong ito, o awtorisado ako sa ilalim ng mga batas ng Estadong ito na lumagda ng mga dokumentong may bisa sa ilalim ng batas sa ngalan ng may-ari ng account o kostumer ng utility na ito.
- Nakaranas ang kostumer na kinakatawan ko sa paglagda ay dumanas ng pagkawala ng kita dahil sa COVID-19 o kautusang manatili sa bahay, at nakakaranas ng problemang pinansiyal at nahihirapan bayaran ang kanilang water/sewer bills. Ang pagkawala ng kita ay dahil sa kawalan ng kakayahang magpatuloy ng negosyo dahil sa mga pagbabawal sa ilalim ng batas, kumaunting bilang ng kostumer, benta, o donasyon sa panahon ng pananatili sa tahanan; o hindi makapagtrabaha dahil sa pagkakasakit o pinaghihinalaang pagkakasakit ng may-ari o empleyado.
- Sa abot ng aking kaalaman, totoo at tama ang lahat ng impormasyong ibinigay ko sa aplikasyong ito.
- Nauunawaan kong isa itong pansamantalang programang nauugnay sa COVID-19 emergency at maaari itong itigil o tapusin anumang oras; nauunawaan ko na dahil sa limitadong pondo, tatanggapin ang mga aplikasyon at ilalaan ang mga diskuwento sa paraang first-come-first-served.
- Nauunawaan kong maaari akong hingian ng mga dokumento ng pagkawala ng kita at problemang pinansiyal kung hihilingin, at kung malalamang nagbigay ako ng maling impormasyon, kakailanganin kong ibalik ang anumang diskuwentong natanggap.
- Sumasang-ayon akong abisuhan agad ang SFPUC kung hindi na ako nakakaranas ng pinansiyal na problema para maalis ako sa programa, na magtitiyak na magagamit ang tulong ng mga pinakanangangailangan.

**\*Nilagdaan: [Pangalan Dito]** \_\_\_\_\_

**\*I-print ang Pangalan** \_\_\_\_\_